BOI
Impormasyon tungkol sa Nakikinabang na May-ari (Beneficial Ownership Information)

Financial Crimes Enforcement Network
U.S. Department of the Treasury
Washington, D.C. 20220

# Pag-uulat ng Impormasyon tungkol sa Nakikinabang na May-ari Mga Madalas na Itanong

Ang mga Madalas Itanong na ito ay para sa pagpapaliwanag lamang at hindi nagdaragdag o nagbabago ng anumang obligasyon inaatas ng kautusan o regulasyon. Mangyaring sumangguni sa Alituntunin ng Pag-uulat ng Impormasyon tungkol sa Nakikinabang na May-ari www.fincen.gov/boi, para sa mga detalye sa mga partikular na probisyon. Inaasahan ng FinCEN na maglalathala ng karagdagang gabay sa hinaharap.Maaaring idirekta ang mga tanong sa alinman sa nilalamang ito sa  https://www.fincen.gov/contact.

## A. Mga Pangkalahatang Tanong

### A.1. Ano ang impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari?

Ang impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari ay ang pagtukoy sa impormasyon tungkol sa mga indibidwal na direkta o hindi direktang nagmamay-ari o kumokontrol sa isang kompanya.

[Inisyu noong Marso 24, 2023]

### A.2. Bakit kailangang iulat ng mga kompanya ang impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa U.S. Department of the Treasury?

Noong 2021, ipinasa ng Kongreso ang Corporate Transparency Act na bipartisan ang batayan. Lumilikha ang batas na ito ng bagong kinakailangang pag-uulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari bilang bahagi ng mga pagsisikap ng pamahalaan ng Estados Unidos na gawing mas mahirap para sa masasamang tao na magtago o makinabang mula sa mga bagay na nakuha nila sa ilegal na paraan sa pamamagitan ng mga shell company o iba pang hindi malinaw na anyo ng pagmamay-ari.

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

### A.3. Sa ilalim ng Corporate Transparency Act, sino ang makaka-access sa impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari?

Papahintulutan ng FinCEN ang mga Pangpederal, Pang-estado, panglokal at Pantribong opisyal, gayundin ang ilang banyagang ospiyal na nagsusumite ng kahilingan sa pamamagitan ng ahensiya ng Pederal na pamahalaan ng Estados Unidos, upang makakuha ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari para sa mga awtorisadong aktibidad na may kaugnayan sa pambansang seguridad, pangangalap ng impormasyon at pagpapatupad ng batas. Ang mga pinansyal na institusyon ay magkakaroon din ng access sa impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa ilang partikular na sitwasyon, na may pahintulot ng kompanyang naghahain ng ulat. Ang mga tagapagpatupad ng mga pinansyal na institusyon na iyon ay

magkakaroon din ng access sa impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari kapag pinapangasiwaan nila ang mga pinansyal na institusyon.

Ang FinCEN ay bumubuo ng mga alituntunin na mamamahala sa pag-access at paghawak ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari. Ang impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari na iniulat sa FinCEN ay itatago sa isang ligtas na database na hindi pampubliko gamit ang mahigpit na pamamaraan at kontrol sa panseguridad ng impormasyon na karaniwang ginagamit sa Pederal na pamahalaan upang protektahan ang mga hindi¬ pa nauuring sensitibong sistema ng impormasyon sa pinakamataas na antas ng seguridad. Makikipagtulungan ang FinCEN sa mga awtorisado na mag-access ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari upang matiyak na naiintindihan nila ang kanilang mga tungkulin at responsibilidad para matiyak na ang iniulat na impormasyon ay ginagamit lamang para sa mga awtorisadong layunin at pinapangasiwaan sa paraang pinoprotektahan ang seguridad at pagiging kumpidensyal nito.

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

## B. Proseso ng Pag-uulat

### B.1. Dapat bang mag-ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari ang aking kompanya ngayon?

Hindi. Walang kahit sino ang kailangang mag-ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa FinCEN hanggang Enero 1, 2024. Kasalukuyang hindi tumatanggap ang FinCEN ng anumang ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari.

[Inisyu noong Marso 24, 2023]

### B.2. Kailan ako kailangang mag-ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari ng aking kompanya sa FinCEN?

Ang isang nagrereport na kompanyang itinayo o inirehistro noong Enero 1, 2024 o pagkalipas nito, at bago ang Enero 1, 2025, ay magkakaroon 90 araw sa kalendaryo pagkatapos matanggap ang abiso ng pagtatayo o pagpaparehistro ng kompanya para mag-file ng inisyal na BOI report nito. Tumatakbo ang 90 araw sa kalendaryo na deadline mula sa oras na matanggap ng kompanya ang aktwal na abiso kung saan ang pagtatayo o pagpaparehistro nito ay magkakaroon ng bisa, o pagkatapos magbigay muna ng pampublikong abiso ang isang kalihim ng estado o kahalintulad na tanggapan tungkol sa pagkakatayo o pagpaparehistro nito, alinman ang mas nauna.

Ang mga nagrereport na kompanya na itinayo o inirehistro noong Enero 1, 2025 o pagkalipas nito, ay may 30 araw sa kalendaryo mula sa aktwal o pampublikong abiso kung saan magkakaroon ng bisa ang pagtatayo o pagpaparehistro ng kompanya para mag-file ng kanilang mga inisyal na BOI report sa FInCEN.

[Na-update noong Disyembre 1, 2023]

**B.3. Kailan tatanggap ang FinCEN ng mga ulat sa impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari?**

Sisimulan ng FinCEN ang pagtanggap ng ulat sa impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa Enero 1, 2024. Ang mga ulat sa impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari ay hindi tatanggapin bago ang petsang iyon.

[Inisyu noong Marso 24, 2023]

**B.4. May babayaran ba sa FinCEN para sa pagsusumite ng ulat sa impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari?**

Wala. Walang babayaran sa FinCEN para sa pagsusumite ng iyong ulat sa impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari.

[Inisyu noong Marso 24, 2023]

**B.5. Paano ko iuulat ang impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari ng aking kompanya?**

Kung kailangang mag-ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari ng iyong kompanya sa FinCEN, magagawa mo iyon sa elektronikong paraan sa pamamagitan ng ligtas na filing system na nasa website ng FinCEN. Ang system na ito ay kasalukuyang binubuo at magiging available bago dapat ihain ang iyong ulat.

[Inisyu noong Marso 24, 2023]

**B.6. Saan ko mahahanap ang form para makapag-ulat?**

Ang form para makapag-ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari ay hindi pa available. Kapag available na, ang impormasyon tungkol sa form ay ipo-post sa webpage ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari ng FinCEN.

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

**B.7. Kailangan ba para sa isang kompanyang naghahain ng ulat na magkaroon ng abogado o sertipikadong pampublikong accountant (certified public accountant, CPA) upang magsumite sa FinCEN ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari?**

Hindi. Inaasahan ng FinCEN na kung hindi man lahat, maraming kompanyang naghahain ng ulat ang makakapagsumite sa FinCEN ng kanilang impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari nang sila mismo gamit ang gabay ang ibinigay ng FinCEN. Ang mga kompanyang nahahain ng ulat na kailangan ng tulong para matugunan ang kanilang mga obligasyon sa pag-uulat ay puwedeng kumonsulta sa mga tagapagbigay ng propesyonal na serbisyo gaya ng mga abogado o accountant.

[Inisyu noong Nobyembre 16, 2023]

## C. Kompanyang Naghahain ng Ulat

**C.1. Anong mga kompanya ang kinakailangang mag-ulat sa FinCEN ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari??**

Ang mga kompanya na kailangang mag-ulat ay tinatawag na ***mga kompanyang naghahain ng ulat.*** May dalawang uri ng kompanyang naghahain ng ulat:


- ***Ang mga lokal na kompanyang naghahain ng ulat*** ay mga korporasyon, kompanyang may limitadong pananagutan, at anumang iba pang entidad na nabuo sa

pamamagitan ng paghahain ng dokumento sa kalihim ng estado o sa kahit anong katulad na tanggapan sa Estados Unidos.

- ***Ang mga kompanyang naghahain ng ulat*** ay mga entidad (kasama ang mga korporasyon at kompanyang may limitadong pananagutan) na nabuo sa ilalim ng batas ng ibang bansa na nagparehistro upang magnegosyo sa Estados Unidos sa pamamagitan ng paghahain ng dokumento sa kalihim ng estado o sa kahit anong katulad na tanggapan.

Mayroong 23 uri ng entidad na exempted sa mga kinakailangang pag-uulat (tingnan ang Tanong C.2). Maingat na suriin ang mga pamantayan sa pagiging kwalipikado bago ipagpalagay na exempted ang iyong kompanya.

*Kabilang sa Gabay sa Pagsunod ng Maliliit na Entidad ng FinCEN para sa pag-uulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari ang mga sumusunod na flowchat para makatulong sa pagtukoy kung ang kompanya ba ay isang kompanyang naghahain ng ulat (tingnan ang Kabanata 1.1, "Ang kompanya ko ba ay isang "kompanyang naghahain ng ulat"?").*




[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

### C.2. Exempted ba sa kinakailangang pag-uulat ang ilan sa mga kompanya?

Oo, 23 uri ng entidad ang exempted sa mga kinakailangang pag-uulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari. Kasama sa mga entidad na ito ang mga pampublikong traded company na nakakatugon sa mga tinukoy na kinakailangan, maraming nonprofit, at ilang malaking operating company.

Binubuod ng sumusunod na talahanayan ang 23 eksemsyon:

| Numero ng Eksemsyon | Maikling Titulo ng Eksemsyon |
|---|---|
| 1 | Securities reporting issuer |
| 2 | Awtoridad sa pamahalaan |
| 3 | Bangko |
| 4 | Credit union |
| 5 | Holding company na institusyon para sa deposito |
| 6 | Negosyong serbisyo sa pera |
| 7 | Broker o dealer sa mga security |
| 8 | Securities exchange o clearing agency |
| 9 | Iba pang nakarehistrong entidad ng Exchange Act |
| 10 | Kompanya ng investment o tagapayo para sa investment |
| 11 | Venture capital fund adviser |
| 12 | Kompanya ng Insurance |
| 13 | Insurance producer na lisensyado ng estado |
| 14 | Nakarehistrong entidad ng Commodity Exchange Act |
| 15 | Accounting firm |
| 16 | Pampublikong utility |
| 17 | Financial market utility |
| 18 | Pooled investment vehicle |
| 19 | Entidad na hindi binubuwisan |
| 20 | Entidad na tumutulong sa entidad na hindi binubuwisan |
| 21 | Malaking operating company |
| 22 | Subsidiary ng ilan sa mga exempted na entidad |
| 23 | Hindi aktibong entidad |

*Kabilang sa Gabay sa Pagsunod para sa Maliit na Entidad ng FinCEN ang talahanayang ito at ang mga checklist sa bawat 23 eksemsyon na maaaring makatulong sa pagtukoy kung nakatutugon ba ang kompanya sa eksemsyon (tingnan ang Kabanata 1.2, "Exempted ba ang aking kompanya sa mga kinakailangang pag-uulat?"). Dapat maingat na suriin ng mga kompanya ang pamantayan sa pagiging kwalipikado bago ipagpalagay na exempted sila. Mangyaring tingnan ang mga karagdagang FAQ tungkol sa mga eksemsyon ng kompanyang naghahain ng ulat sa "L. Mga Eksemsyon ng Mga Kompanyang Naghahain ng Ulat (Reporting Company Exemptions)" na nasa ibaba.*

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

### C.3. Ang ilang entidad na korporasyon ba, gaya ng statutory trust, business trust, o foundation, ay mga kompanyang naghahain ng ulat?

Depende. Ang lokal na entidad gaya ng statutory trust, business trust, o foundation ay kompanyang naghahain ng ulat kung itinayo lamang sa pamamagitan ng paghahain ng dokumento sa kalihim ng estado o sa katulad na tanggapan. Gayundin, ang isang dayuhang entidad ay kompanyang naghahain ng ulat lang kung naghain ito ng dokumento sa kalihim ng estado o sa katulad na tanggapan upang magparehistro para magnegosyo sa Estados Unidos.

Iba-iba ang mga batas ng estado sa kung ang ilang uri ng entidad ba, gaya ng mga trust, ay kailangang maghain ng dokumento sa kalihim ng estado o sa katulad na tanggapan upang maitayo o mairehistro.

- Kung nabuo ang trust sa hurisdiksyon ng Estados Unidos na nangangailangan ng ganoong paghahain, kung gayon ay isa itong kompanyang naghahain ng ulat, maliban kung nalalapat ang pagbubukod.

Sa katulad na paraan, hindi lahat ng estado ay inaatasan ang mga dayuhang entidad na magrehistro sa pamamagitan ng paghahain ng dokumento sa kalihim ng estado o sa katulad na tanggapan upang magnegosyo sa estado.

- Gayunpaman, kung ang isang dayuhang entidad ay naghain ng dokumento sa kalihim ng estado o sa katulad na tanggapan upang magrehistro para makapagnegosyo sa isang estado, at nagawa iyon, isa itong kompanyang naghahain ng ulat, maliban kung nalalapat ang eksemsyon.

Dapat ding isaalang-alang ng mga entidad kung may nalalapat sa kanila na anumang eksemsyon sa mga kinakailangang pag-uulat. Halimbawa, maaaring hindi kailangang mag-ulat ng isang foundation sa FinCEN ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari kung ang foundation ay kwalipikado para sa eksemsyon ng entidad na hindi binubuwisan.

*Ang Kabanata 1 na Gabay sa Pagsunod para Maliliit na Entidad ng FinCEN ("Kailangan bang iulat ng aking kompanya ang mga nakikinabang na may-ari nito?") ay maaaring tumulong sa mga kompanya sa pagtukoy kung kailangan ba nilang mag-ulat.*

[Inisyu noong Nobyembre 16, 2023]

### C.4. Itinuturing ba na kompanyang naghahain ng ulat ang isang trust kung nagparehistro ito sa isang hukuman para sa layuning pagtibayin ang hurisdiksyon ng hukuman sa anumang hindi pagkakaunawaan na may kinalaman sa trust?

Hindi. Hindi kompanyang naghahain ng ulat ang isang trust kapag nagparehistro ang isang trust sa hukuman para lamang pagtibayin ang hurisdiksyon ng hukuman sa anumang hindi pagkakaunawaan na may kinalaman sa trust.

[Inisyu noong Nobyembre 16, 2023]

## D. Nakikinabang na May-ari

### D.1. Sino ang nakikinabang na may-ari ng isang kompanyang naghahain ng ulat?

Ang nakikinabang na may-ari ay isang indibidwal na direkta o hindi direktang: (1) nagsasagawa ng mahalagang pagkontrol (tingnan ang Tanong D.2) sa kompanyang naghahain ng ulat, o (2) nagmamay-ari o kumokontrol sa 25% ng interes sa pagmamay-ari ng kompanyang naghahain ng ulat (tingnan ang Tanong D.4).

*Ang [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad](#) ng FinCEN ay nagbibigay ng mga checklist at halimbawa na maaaring makatulong sa pagtukoy ng mga nakikinabang na may-ari (tingnan ang Kabanata 2.3 "Anong mga hakbang ang puwede kong gawin upang matukoy ang mga nakikinabang na may-ari ng aking kompanya?").*

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

### D.2. Ano ang malaking kontrol?

Puwedeng gamitin ng indibidwal ang malaking kontrol sa isang kompanyang naghahain ng ulat sa apat na iba't ibang paraan. Kapag ang mga indibidwal ay mapunta sa alinmang kategorya sa ibaba, mayroong malaking kontrol ang indibidwal:

- Ang indibidwal ay isang nakatataas na opisyal (ang presidente ng kompanya, punong opisyal sa pananalapi, pangkalahatang tagapayo, tanggapan ng punong ehekutibo, punong opisyal sa pagpapatakbo ng kompanya, o anumang iba pang opisyal na mayroong katulad na tungkulin).
- Ang indibidwal ay may awtoridad na magtalaga o magtanggal ng ilang opisyal o mayorya ng mga direktor (o katulad na lupon) ng kompanyang naghahain ng ulat.
- Ang indibidwal ay isang mahalagang tagapagdesisyon para sa kompanyang naghahain ng ulat. Tingnan ang Tanong D.3 para sa higit pang impormasyon.
- Ang indibidwal ay may iba pang anyo ng malaking kontrol sa kompanyang naghahain ng ulat gaya ng higit pang pagpapaliwanag sa *[Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad](#)* ng FinCEN (*tingnan ang Kabanata 2.1, "Ano ang malaking kontrol?"*).

### NAKATATAAS NA OPISYAL

sinumang indibidwal na may hawak na posisyon o mayroong awtoridad ng isang:

1. Presidente
2. Punong opisyal sa pananalapi (Chief financial officer, CFO)
3. Pangkalahatang tagapayo (General counsel, GC)
4. Opisyal na punong ehekutibo (Chief executive officer, CEO)
5. Ang Punong opisyal sa pagpapatakbo ng kompanya (Chief operating officer, COO)

o sinumang iba pang opisyal, anuman ang opisyal na titulo, na mayroong katulad na tungkulin gaya ng mga opisyal na ito

### PAGTATALAGA O PAGTANGGAL NG AWTORIDAD

sinumang indibidwal na may kakayahang magtalaga o magtanggal ng **NAKATATAAS NA OPISYAL** o mayorya ng mga lupon ng direktor o katulad na lupon

### MAHALAGANG TAGAPAGDESISYON

sinumang indibidwal na nagdidirekta, nagpapasiya, o may malaking impluwensya sa mahahalagang desisyong ginawa ng kompanyang naghahain ng ulat, kabilang ang mga desisyon tungkol sa:

1. **Negosyo**, gaya ng:
   - Uri, saklaw at katangian ng negosyo
   - Pagpili o pagwawakas ng mga hanay ng negosyo o business venture, o pagtuon sa heograpiya
   - Pagpasok o pagwawakas, o ang pagtupad o hindi pagtupad, ng mga mahalagang kontrata
2. **Mga pananalapi**, gaya ng:
   - Pagbebenta, pagpaparenta, mortgage, o iba pang pag-transfer ng anumang pangunahing asset
   - Mga pangunahing paggastos o investment, pag-isyu ng anumang equity, pagkakaroon ng anumang malaking utang, o pag-apruba ng budget para sa pagpapatakbo ng kompanya
   - Mga plano para sa kompensasyon at mga programa ng insentibo para sa mga nakatataas na opisyal
3. **Istruktura**, gaya ng:
   - Muling pag-organisa (reorganization), pagkabuwag (dissolution), o merger
   - Mga pagbabago sa anumang mahalagang dokumento ng pamamahala ng kompanyang naghahain ng ulat, kabilang ang mga artikulo ng pagiging korporasyon o katulad na mga dokumento ng pagkakabuo, alituntunin, at mahalagang patakaran o pamamaraan

### CATCH-ALL

anumang iba pang anyo ng malaking kontrol sa kompanyang naghahain ng ulat. Ang kontrol na ginawa sa mga bago at natatanging paraan ay puwede ring maging malaki. Halimbawa, ang mga flexible na istruktura ng korporasyon ay maaaring may iba't ibang palatandaan ng kontrol kaysa sa mga palatandaang kasama rito

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

### D.3. Ang isa sa mga palatandaan ng malaking kontrol ay isang mahalagang tagapagdesisyon ang indibidwal. Ano ang mahahalagang desisyon?

Kasama sa mahahalagang desisyon ang mga desisyon tungkol sa negosyo, pinansiyal, at istruktura ng kompanyang naghahain ng ulat. Ang isang indibidwal na nagdidirekta, nagpapasiya, o may malaking impluwensya sa mga mahalagang desisyong ito ay gumagamit ng malaking kontrol sa isang kompanyang naghahain ng ulat. Ang *Kabanata 2.1, "Ano ang malaking kontrol?" ng [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad ng FinCEN] ay nagbibigay ng sumusunod na impormasyon:*

**MAHALAGANG TAGAPAGDESISYON**

sinumang indibidwal na nagdidirekta, nagpapasiya, o may malaking impluwensya sa mahahalagang desisyong ginawa ng kompanyang naghahain ng ulat, kabilang ang mga desisyon tungkol sa:

1. **Negosyo**, gaya ng:
   - Uri, saklaw at katangian ng negosyo
   - Pagpili o pagwawakas ng mga hanay ng negosyo o business venture, o pagtuon sa heograpiya
   - Pagpasok o pagwawakas, o ang pagtupad o hindi pagtupad, ng mga mahalagang kontrata
2. **Mga pananalapi**, gaya ng:
   - Pagbebenta, pagpaparenta, mortgage, o iba pang pag-transfer ng anumang pangunahing asset
   - Mga pangunahing paggastos o investment, pag-isyu ng anumang equity, pagkakaroon ng anumang malaking utang, o pag-apruba ng budget para sa pagpapatakbo ng kompanya
   - Mga plano para sa kompensasyon at mga programa ng insentibo para sa mga nakatataas na opisyal
3. **Istruktura**, gaya ng:
   - Muling pag-organisa (reorganization), pagkabuwag (dissolution), o merger
   - Mga pagbabago sa anumang mahalagang dokumento ng pamamahala ng kompanyang naghahain ng ulat, kabilang ang mga artikulo ng pagiging korporasyon o katulad na mga dokumento ng pagkakabuo, alituntunin, at mahalagang patakaran o pamamaraan

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

### D.4. Ano ang interes sa pagmamay-ari?

Ang interes sa pagmamay-ari sa pangkalahatan ay ang pagsasaayos na nagpapatibay ng mga karapatan sa pagmamay-ari sa kompanyang naghahain ng ulat. Kasama sa mga halimbawa ng mga interes sa pagmamay-ari ang mga share sa equity, stock, karapatan sa pagboto, o anumang iba pang mekanismo na ginamit sa pagpapatibay ng pagmamay-ari.

### EQUITY, STOCK O MGA KARAPATAN SA PAGBOTO

anumang interes na inuri bilang stock o kahit anong bagay na katulad, nagbibigay man ito ng kapangyarihang bumoto o mga karapatan sa pagboto, at kahit na naililipat ang interes

Kabilang **sa mga HALIMBAWA ang:**

- equity, stock, o katulad na instrumento
- sertipiko ng preorganization o subscription
- naililipat na share ng, o voting trust certificate o sertipiko ng deposito para sa, equity security, interes sa joint venture, o sertipiko ng interes sa business trust

### KAPITAL O INTERES SA KITA (PROFIT INTEREST)

anumang interes sa mga asset o kita (profit) ng kompanyang inorganisa bilang isang LLC, na katulad ng stock sa korporasyon at kung minsan ay tinutukoy bilang 'unit'

### MGA INSTRUMENTONG MAAARING PALITAN (CONVERTIBLE INSTRUMENT)

anumang instrumentong maaaring palitan ng ***equity, stock, o karapatan sa pagboto*** o ***kapital o interes sa kita,*** kailangan man o hindi kailangan bayaran ang anumang para sa pagpapalit (conversion). Ang mga **NAUUGNAY** na item ay mga interes sa pagmamay-ari rin:

- anumang hinaharap ng anumang instrumentong maaaring palitan
- anumang garantiya o karapatang bumili, magbenta, o mag-subscribe sa share o interes sa ***equity, stock, o mga karapatan sa pagboto*** o ***kapital o interes sa kita,*** kahit na ang naturang garantiya o karapatan ay utang

### OPSYON O PRIBILEHIYO

anumang put, call, straddle, o ibang opsyon o pribilehiyo sa pagbili o pagbebenta ng ***equity, stock, o mga karapatan sa pagboto, kapital o interes na kita,*** o ***instrumentong maaaring palitan,*** MALIBAN kung ang opsyon o pribilehiyo ay nilikha o hinawakan ng iba nang walang alam o walang kinalaman ang kompanyang naghahain ng ulat

### CATCH-ALL

anumang iba pang instrumento, kontrata, pagsasaayos, pagkakaunawaan, relasyon, o mekanismo na ginamit sa pagpapatibay ng pagmamay-ari

*Ang Kabanata 2.2, "Ano ang interes sa pagmamay-ari?" ng [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad] ng FinCEN ay tinatalakay ang mga interes sa pagmamay-ari at nagtatakda ng mga hakbang upang makatulong sa pagtukoy ng porsiyento ng interes sa pagmamay-ari na hawak ng isang indibidwal.*

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

### D.5. Sino ang kwalipikado para sa eksepsyon mula sa kahulugan ng nakikinabang na may-ari?

Mayroong limang pagkakataon kung saan ang indibidwal na kung hindi man nakikinabang na may-ari ng kompanyang naghahain ng ulat ay kwalipikado para sa eksepsyon. Sa mga sitwasyong iyon, hindi kailangang iulat sa FinCEN ng kompanyang naghahain ng ulat ang indibidwal na iyon bilang isang nakikinabang na may-ari.

*Kabilang sa Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad ng FinCEN ang checklist para makatulong sa pagtukoy kung mayroon bang mga eksemsyon na nalalapat sa mga indibidwal na kung hindi man ay kwalipikado bilang mga nakikinabang na may-ari (tingnan ang Kabanata 2.4. "Sino ang kwalipikado para sa eksepsyon mula sa kahulugan ng nakikinabang na may-ari?")..*

[Issued September 18, 2023]

### D.6. Ang aking accountant o abogado ba ay itinuturing na nakikinabang na may-ari?

Ang mga accountant at abogado sa pangkalahatan ay hindi kwalipikado na maging mga nakikinabang na may-ari, ngunit maaaring nakabatay iyon sa gawaing ginagawa.

Ang mga accountant at abogado na nagbibigay ng pangkalahatang accounting o mga legal na serbisyo ay hindi itinuturing na mga nakikinabang na may-ari dahil ang ordinaryo, arms-length advisory o iba pang third-party na propesyonal na serbisyo sa isang kompanyang naghahain ng ulat ay hindi itinuturing na "malaking kontrol" (tingnan ang Tanong D.2). Bukod dito, ang abogado o accountant na itinalaga bilang ahente ng kompanyang naghahain ng ulat ay maaaring maging kwalipikado para sa eksepsyon ng "nominado, tagapamagitan, katiwala, o ahente" sa kahulungan ng nakikinabang na may-ari.

Gayunpaman, ang isang indibidwal na may posisyon na pangkalahatang tagapayo sa kompanyang naghahain ng ulat ay isang "nakatataas na opisyal" ng kompanyang iyon at samaktuwid ay nakikinabang na may-ari.

Kabilang sa *Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad ng FinCEN ang checklist para makatulong sa pagtukoy kung kwalipikado ba ang indibidwal para sa eksepsyon mula sa kahulungan ng nakikinabang na may-ari (tingnan ang Kabanata 2.4, "Sino ang kwalipikado para sa eksepsyon mula sa kahulugan ng nakikinabang na may-ari?").*

[Na-update noong Nobyembre 16, 2023]

### D.7. Anong impormasyon ang dapat iulat ng kompanyang naghahain ng ulat tungkol sa isang nakikinabang na may-ari na may hawak ng kanilang mga interes sa pagmamay-ari sa kompanyang naghahain ng ulat sa pamamagitan ng mga entidad na may maraming eksemsyon (multiple exempt entity)?

Kung ang nakikinabang na may-ari ay eksklusibong nagmamay-ari o kumokontrol sa kanilang mga interes sa pagmamay-ari sa isang kompanyang naghahain ng ulat sa pamamagitan ng mga entidad na may***maraming eksemsyon,*** kung gayon ay maaaring iulat sa FinCEN ang pangalan ng ***lahat*** ng mga exempted na entidad sa halip na ang impormasyon ng indibidwal na nakikinabang na may-ari.

» Tandaan na hindi nalalapat ang espesyal na alituntuning ito kapag ang isang indibidwal ay nagmamay-ari o kumokontrol sa mga interes sa pagmamay-ari sa isang kompanyang naghahain ng ulat sa pamamagitan ng parehong exempted at hindi exempted na entidad. Sa ganoong sitwasyon, dapat iulat ng kompanyang naghahain ng ulat ang indibidwal

bilang isang nakikinabang na may-ari (kung walang nalalapat na eksepsyon), ngunit hindi kailangang ilista ang mga exempted na kompanya.

*Kabilang sa [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad] ng FinCEN ang karagdagang impormasyon tungkol sa espesyal na alituntunin sa pag-uulat na ito sa Kabanata 4.2, "Ano ang iuulat ko kung ang espesyal na alituntunin sa pag-uulat ay nalalapat sa aking kompanya?"*

[Issued September 29, 2023]

**D.8. Isang nakikinabang na may-ari ba ng kompanyang naghahain ng ulat ang isang hindi nauugnay na kompanya na nagbibigay ng serbisyo sa kompanyang naghahain ng ulat sa pamamagitan ng pangangasiwa sa pang-araw-araw na operasyon nito, ngunit hindi nagdedesisyon sa mahahalagang bagay?**

Ang hindi nauugnay na kompanya mismo ay hindi puwedeng maging isang nakikinabang na may-ari ng kompanyang naghahain ng ulat dahil isang indibidwal dapat ang nakikinabang na may-ari. Ang sinumang indibidwal na nagsasagawa ng malaking kontrol sa kompanyang naghahain ng ulat sa pamamagitan ng hindi nauugnayna kompanya ay dapat iulat bilang mga nakikinabang na may-ari ng kompanyang naghahain ng ulat.
Gayunpaman, ang mga indibidwal na hindi nagdidirekta, nagpapasiya, o may malaking impluwensya sa mga mahalagang desisyon na ginawa ng kompanyang naghahain ng ulat, at hindi gumagamit ng malaking kontrol, ay maaaring hindi mga nakikinabang na may-ari ng kompanyang naghahain ng ulat.

*Mangyaring tingnan ang Kabanata 2.1 ng [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad], ng FinCEN, "Ano ang malaking kontrol?" para sa karagdagang impormasyon kung paano matukoy kung ang isang indibidwal ba ay may malaking kontrol sa kompanyang naghahain ng ulat.*

[Issued September 29, 2023]

**D.9. Ang miyembro ba ng lupon ng mga direktor ng kompanyang naghahain ng ulat ay lagi bang isang nakikinabang na may-ari ng kompanyang naghahain ng ulat?**

Hindi. Ang nakikinabang na may-ari ng isang kompanya ay sinumang indibidwal na direkta o hindi direktang nagsasagawa ng mahalagang kontrol sa kompanyang naghahain ng ulat, o nagmamay-ari o kumokontrol sa hindi bababa sa 25 porsiyento ng interes sa pagmamay-ari sa isang kompanyang naghahain ng ulat.

Kung nakakatugon ba o hindi ang direktor sa anumang pamantayang ito ay isang katanungang dapat isaalang-alang ng kompanyang naghahain ng ulat na batayan ang bawat direktor.

*Kabilang sa [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad] ang karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano tukuyin kung ang isang indibidwal ba ay kwalipikado bilang nakikinabang na may-ari sa Kabanata 2, "Sino ang nakikinabang na may-ari ng aking kompanya?". Kasama sa kabanatang ito ang mga hiwalay na seksyon na may higit pang impormasyon tungkol sa malaking kontrol at interes sa pagmamay-ari: Kabanata 2.1 "Ano ang malaking kontrol?" at Kabanata 2.2 "Ano ang interes sa pagmamay-ari?"*

[Inisyu noong Setyembre 29, 2023]

### D.10. Isang nakikinabang na may-ari ba ang nakatalagang "kinatawan sa partnership" o "partner sa mga usaping buwis" ng kompanyang naghahain ng ulat?

Depende. Ang "kinatawan sa partnership," ng kompanyang naghahain ng ulat gaya na tinukoy sa 26 U.S.C. 6223, o "partner sa mga usaping buwis," gaya ng termino na una nang tinukoy sa pinawalang-bisa ngayon na 26 U.S.C. 6231(a)(7), ay hindi awtomatikong isang nakikinabang na may-ari ng kompanyang naghahain ng ulat. Gayunpaman, maaaring maging kwalipikado ang naturang indibidwal bilang isang nakikinabang na may-ari ng kompanyang naghahain ng ulat kung ang indibidwal ay nagsasagawa ng malaking kontrol sa kompanyang naghahain ng ulat, o nagmamay-ari o kumokontrol sa hindi bababa sa 25 porsiyento ng mga interes sa pagmamay-ari ng kompanya.

*Ang Kabanata 2 ng Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad ng FinCEN ("Sino ang nakikinabang na may-ari ng aking kompanya?") ay may karagdagang impormasyon paano matukoy kung kwalipikado ba ang isang indibidwal bilang nakikinabang na may-ari ng kompanyang naghahain ng ulat.*

Tandaan na ang "kinatawan sa partnership" o "partner sa mga usaping buwis" na ginagawa ang tungkulin ng isang itinalagang ahente ng kompanyang naghahain ng ulat ay maaaring maging kwalipikado para sa eksepsyon ng "nominado, tagapamagitan, katiwala, o ahente" sa kahulugan ng nakikinabang na may-ari.

*Kabilang sa Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad ng FinCEN ang karagdagang impormasyon sa naturang mga eksemsyon sa Kabanata 2.4, "Sino ang kwalipikado para sa eksepsyon mula sa kahulugan ng nakikinabang na may-ari?"*

[IInisyu noong Nobyembre 16, 2023]

## E. Aplikante ng Kompanya


### E.1. Sino ang aplikante ng kompanya ng kompanyang naghahain ng ulat?

Ang mga kompanyang naghahain ng ulat lamang na itinayo o narehistro noong Enero 1, 2024 o pagkalipas nito, ang kailangang mag-ulat ng kanilang mga aplikante ng kompanya.

Ang isang kompanya na dapat mag-ulat ng mga aplikante ng kompanya nito ay mayroon lamang hanggang dalawang indibidwal na puwedeng maging kwalipikado bilang mga aplikante ng kompanya:

1. Ang indibidwal na direktang naghahain ng dokumentong lumikha o nagrehistro sa kompanya; at
2. Kung higit sa isang tao ang kasama sa paghahain, ang indibidwal na pangunahing responsable sa pagdidirekta o pagkontrol sa paghahain.

Makakatulong ang sumusunod na flowchart para sa pagtukoy ng aplikante ng kompanya.




*In addition, Chapter 3.2, "Who is a company applicant of my company?" of FinCEN's [Small Entity Compliance Guide] includes additional information to help identify company applicants.*

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

### E.2. Alin sa mga kompanyang naghahain ng ulat ang kinakailangang mag-ulat ng mga aplikante ng kompanya?

Hindi lahat ng kompanyang naghahain ng ulat ay kailangang mag-ulat sa FinCEN ng kanilang mga aplikante sa kompanya.

Ang kompanyang naghahain ng ulat **ay dapat mag-ulat lamang ng mga aplikante ng kompanya** nito kung ito ay:

- Lokal na kompanyang naghahain ng ulat na itinayo sa Estados Unidos **noong Enero 1, 2024 o pagkalipas nito; o**
- Dayuhang kompanyang naghahain ng ulat na unang nagparehistro para magnegosyo sa Estados Unidos **noong Enero 1, 2024 o pagkalipas nito.**

Ang kompanyang naghahain ng ulat **ay hindi kailangang mag-ulat sa mga aplikante ng kompanya nito** kung ito ay:

- Lokal na kompanyang naghahain ng ulat na itinayo sa Estados Unidos **bago** ang Enero 1, 2024; o
- Dayuhang kompanyang naghahain ng ulat na unang nagparehistro para magnegosyo sa Estados Unidos **bago** ang Enero 1, 2024

*Nasa ibaba ang buod ng mga kinakailangang pag-uulat tungkol sa aplikante ng kompanya. Ang Kabanata 3.1, "Kailangan ba na iulat ng aking kompanya ang kanyang mga aplikante ng kompanya?" ng [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad ng FinCEN](#) ay mayroong karagdagang impormasyon.*







[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

**E.3. Itinuturing ba na aplikante ng kompanya ang accountant o abogado ko?**

Ang accountant o abogado ay puwedeng maging aplikante ng kompanya, depende sa tungkuling ginagampanan nila sa paghahain ng dokumentong lumikha o nagrehistro sa isang kompanyang naghahain ng ulat. Sa maraming sitwasyon, ang mga aplikante ng kompanya ay maaaring magtrabaho sa serbisyo sa pagbuo ng negosyo o sa law firm.

Maaaring aplikante ng kompanya ang accountant o abogado kung sila ay direktang naghain ng dokumentong lumikha o nagrehistro sa kompanyang naghahain ng ulat. Kung higit sa isang tao ang kasama sa paghahain ng pagtatayo o pagpaparehistro ng dokumento, ang accountant o abogado ay maaaring aplikante ng kompanya kung sila ang pangunahing responsable sa pagdidirekta o pagkontrol sa paghahain.

Halimbawa, ang isang abogado sa law firm na nag-aalok ng mga serbisyo sa pagbuo ng negosyo ay maaaring pangunahing responsable sa pangangasiwa sa paghahanda at paghahain ng mga dokumento ng pagkakabuo ng isang kompanyang naghahain ng ulat. Ang isang paralegal sa law firm ay maaaring direktang maghain ng mga dokumento ng pagkakabuo sa kahilingan ng abogado. Sa ilalim ng mga sitwasyong iyon, ang abogado at ang paralegal ay parehong mga aplikante ng kompanya para sa kompanyang naghahain ng ulat.

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

**E.4. Puwede bang tanggalin ang aplikante ng kompanya sa ulat ng BOI kung ang aplikante ng kompanya ay wala nang kaugnayan sa kompanyang naghahain ng ulat?**

Hindi. Ang aplikante ng kompanya ay hindi maaaring tanggalin sa ulat ng BOI kahit na ang aplikante ng kompanya ay wala nang kaugnayan sa kompanyang naghahain ng ulat. Ang kompanyang naghahain ng ulat na itinayo noong Enero 1, 2024 o pagkalipas nito, ay kinakailangang mag-ulat ng impormasyon ng aplikante ng kompanya sa paunang ulat ng BOI nito, ngunit hindi kinakailangang maghain ng na-update na ulat ng BOI kung magbago ang impormasyon tungkol sa aplikante ng kompanya.

[Inisyu noong Nobyembre 16, 2023]

## F. Mga Kinakailangang Pag-uulat

**F.1. Kailangan ba ng isang kompanyang naghahain ng ulat na mag-ulat ng anumang iba pang impormasyon bilang karagdagan sa impormasyon tungkol sa mga nakikinabang na may-ari nito?**

Oo. Ang impormasyong kailangang iulat, gayunpaman, ay depende sa kung kailan itinayo o narehistro ang kompanya.

- Kung itinayo o narehistro ang kompanyang naghahain ng ulat *noong Enero 1, 2024 o pagkalipas nito*, ang kompanyang naghahain ng ulat ay kailangang mag-ulat ng impormasyon tungkol sa sarili nito, sa kanilang mga nakikinabang na may-ari, **at** aplikante ng kompanya nito.
- Kung ang isang kompanya ay itinayo o narehistro *bago ang* Enero 1, 2024, kailangan lamang ng kompanyang naghahain ng ulat na magbigay ng impormasyon tungkol sa sarili nito at sa kanilang mga nakikinabang na may-ari. Ang kompanyang naghahain ng ulat ay hindi kinakailangang magbigay ng impormasyon tungkol sa kanilang mga aplikante ng kompanya.

[Inisyu noong Marso 24, 2023]

**F.2. Anong impormasyon ang dapat iulat ng isang kompanyang naghahain ng ulat tungkol sa sarili nito?**

Ang isang kompanyang naghahain ng ulat ay kailangang mag-ulat ng:

1. Legal na pangalan nito;
2. Anumang trade name, "doing business as" (d/b/a), o "trading as" (t/a) na mga pangalan;
3. Ang kasalukuyang address ng kalye ng pangunahing lugar ng negosyo nito kung nasa Estados Unidos ang address na iyon (halimbawa, punong-tanggapan ng kompanyang naghahain ng ulat sa Estados Unidos), o, para sa mga kompanyang naghahain ng ulat na ang pangunahing lugar ng negosyo ay nasa labas ng Estados Unidos, kasalukuyang address kung saan isinasagawa ng kompanya ang negosyo sa Estados Unidos (halimbawa, punong-tanggapan ng dayuhang kompanyang naghahain ng ulat sa Estados Unidos);
4. Ang hurisdiksyon nito sa pagbuo o pagpaparehistro; at
5. Ang Numero ng ID ng Nagbabayad ng Buwis (o, numero ng ID sa pagbubuwis na ibinigay ng dayuhang hurisdiksyon at pangalan ng hurisdiksyon, kung hindi binigyan ng TIN ang isang dayuhang kompanyang naghahain ng ulat

Kailangan ding isaad ng isang kompanyang naghahain ng ulat kung ito ba ay naghahain ng paunang ulat, o pagwawasto o update sa naunang ulat.

*Kabilang sa Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad ng FinCEN ang checklist para makatulong sa pagtukoy ng impormasyong kinakailangang iulat (tingnan ang Kabanata 4.1, "Anong impormasyon ang dapat kong kolektahin tungkol sa aking kompanya, sa mga nakikinabang na may-ari nito, at sa kanyang mga aplikante ng kompanya?").*

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

**F.3. Anong impormasyon ang kailangang iulat ng kompanyang naghahain ng ulat tungkol sa nakikinabang na may-ari nito?**

Para sa bawat indibidwal na nakikinabang na may-ari, ang kompanyang naghahain ng ulat ay kailangang magbigay ng:

1. Pangalan ng indibidwal;
2. Petsa ng kapanganakan;
3. Address ng tirahan; at
4. Isang numero ng pagkakakilanlan mula sa isang tinatanggap na dokumento ng pagkakakilanlan tulad ng pasaporte o lisensya sa pagmamaneho sa Estados Unidos, at pangalan ng estado o hurisdiksyon ng nag-isyu ng dokumento ng pagkakakilanlan (para sa mga halimbawa ng tinatanggap na pagkakakilanlan, tingnan ang Tanong F.5).

Ang kompanyang naghahain ng ulat ay kailangan ding mag-ulat ng larawan ng dokumento ng pagkakakilanlan na ginamit upang makuha ang numero ng pagkakakilanlan sa item 4.

*Kabilang sa Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad ng FinCEN ang checklist para makatulong sa pagtukoy ng impormasyong kinakailangang iulat (tingnan ang Kabanata 4.1, "Anong*

*impormasyon ang dapat kong kolektahin tungkol sa aking kompanya, sa mga nakikinabang na may-ari nito, at sa kanyang mga aplikante ng kompanya?").*

[Issued September 18, 2023]

### F.4. Anong impormasyon ang dapat iulat ng isang kompanyang naghahain ng ulat tungkol sa mga aplikante ng kompanya nito?

Para sa bawat indibidwal na aplikante ng kompanya, ang isang kompanyang naghahain ng ulat ay kailangang magbigay ng:

1. Pangalan ng indibidwal;
2. Petsa ng kapanganakan;
3. Address; at
4. Isang numero ng pagkakakilanlan mula sa isang tinatanggap na dokumento ng pagkakakilanlan tulad ng pasaporte o lisensya sa pagmamaneho sa Estados Unidos, at pangalan ng estado o hurisdiksyon ng nag-isyu ng dokumento ng pagkakakilanlan (para sa mga halimbawa ng tinatanggap na pagkakakilanlan, tingnan ang Tanong F.5).

Ang kompanyang naghahain ng ulat ay kailangan ding mag-ulat ng larawan ng dokumento ng pagkakakilanlan na ginamit upang makuha ang numero ng pagkakakilanlan sa item 4.

Kung ang aplikante ng kompanya ay nagtatrabaho sa pagbuo ng korporasyon—halimbawa, bilang isang abogado o ahente ng pagbuo ng korporasyon—dapat iulat ng kompanyang naghahain ng ulat ang address ng negosyo ng aplikante ng kompanya. Kung hindi, dapat iulat ng kompanyang naghahain ng ulat ang address ng tirahan ng aplikante ng kompanya.

*Kabilang sa Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad ng FinCEN ang checklist para makatulong sa pagtukoy ng impormasyong kinakailangang iulat (tingnan ang Kabanata 4.1, "Anong impormasyon ang dapat kong kolektahin tungkol sa aking kompanya, sa mga nakikinabang na may-ari nito, at sa kanyang mga aplikante ng kompanya?").*

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

### F.5. Ano ang ilang katanggap-tanggap na paraan ng pagkakakilanlan na makakatugon sa kinakailangang pag-uulat?

Ang tanging tinatanggap na uri ng pagkakakilanlan ay:

1. Isang hindi expired na lisensya sa pagmamaneho sa Estados Unidos (kabilang ang anumang lisensya sa pagmamaneho na inisyu ng commonwealth, teritoryo, o pagmamay-ari ng Estados Unidos);
2. Isang hindi expired na dokumento ng pagkakakilanlan na inisyu ng isang estado o lokal na pamahalaan sa Estados Unidos, o Tribong Indiyano;
3. Isang hindi expired na pasaporte na inisyu ng pamahalaan ng Estados Unidos; o
4. Isang hindi expired na pasaporte na inisyu ng dayuhang pamahalaan (kapag wala kahit isa sa tatlong uri ng pagkakakilanlan na nakalista sa itaas).

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

**F.6. Mayroon bang kinakailangan para taunang mag-ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari?**

Wala. Walang taunang kinakailangang pag-uulat. Ang mga kompanyang naghahain ng ulat ay dapat maghain ng paunang ulat ng BOI at mga na-update o naiwastong ulat ng BOI kung kinakailangan.

*Kabilang sa Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad ng FinCEN ang karagdagang impormasyon tungkol sa kung kailan maghahain ng mga paunang ulat ng BOI sa Kabanata 5.1, "Kailan dapat maghain ang aking kompanya ng paunang ulat ng BOI?" at kung kailan maghahain ng na-update at iniwastong ulat ng BOI sa Kabanata 6, "Kung may mga pagbabago sa o pagkakamali sa iniulat na impormasyon?"*

[Inisyu noong Nobyembre 16, 2023]

## G. Paunang Ulat

**G.1. Kailan ako dapat maghain sa FinCEN ng paunang ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari?**

Kung naitayo na ang iyong kompanya bago ang Enero 1, 2024, dapat itong mag-file ng inisyal na report sa impormasyon ng kapaki-pakinabang na pagmamay-ari nito sa Enero 1, 2025.

Kung itinayo o inirehistro ang iyong kompanya noong Enero 1, 2024 o pagkalipas nito, at bago ang Enero 1, 2025, dapat itong mag-file ng inisyal na report sa impormasyon ng kapaki-pakinabang na pagmamay-ari nito sa loob ng 90 araw sa kalendaryo pagkatapos matanggap ang aktwal o pampublikong abiso kung saan nagkaroon ng bisa ang pagkakatayo o pagpaparehistro nito. Sa partikular, tumatakbo itong 90 araw sa kalendaryo na deadline mula sa oras na matanggap ng kompanya ang aktwal na abiso kung saan ang pagtatayo o pagpaparehistro nito ay magkakaroon ng bisa, o pagkatapos magbigay muna ng pampublikong abiso ang isang kalihim ng estado o kahalintulad na tanggapan tungkol sa pagkakatayo o pagpaparehistro nito, alinman ang mas nauna.

Kung itinayo o inirehistro ang iyong kompanya noong Enero 1, 2025 o pagkalipas nito, dapat itong mag-file ng inisyal na report sa impormasyon ng kapaki-pakinabang na pagmamay-ari nito sa loob ng 30 araw sa kalendaryo pagkatapos matanggap ang aktwal o pampublikong abiso kung saan nagkaroon ng bisa ang pagkakatayo o pagpaparehistro nito. Isinasaad ng sumusunod ang mga timeline ng inisyal na report.




*Ang Kabanata 5.1 "Kailan dapat maghain ang aking kompanya ng paunang ulat ng BOI nito?" ng Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad ng FinCEN ay may karagdagang impormasyon tungkol sa mga timeline ng pag-uulat.*

[Na-update noong Disyembre 1, 2023]

**G.2. Puwede bang maghain ang parent company ng nag-iisang ulat ng BOI para sa grupo ng mga kompanya nito?**

Hindi. Anumang kompanya na nakakatugon sa kahulugan ng kompanyang naghahain ng ulat at hindi exempted ay kailangang maghain ng sarili nitong ulat ng BOI.

[Inisyu noong Setyembre 29, 2023]

**G.3. Paano ako makakakuha ng Numero ng ID ng Nagbabayad ng Buwis (Taxpayer Identification Number, TIN) para sa bagong kompanya sa loob ng 30 araw para makapaghain ako ng paunang ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa tamang oras??**

Ang Internal Revenue Service (IRS) ay nag-aalok ng libreng aplikasyon para sa Numero ng ID ng Employer (Employer Identification Number, EIN), isang uri ng TIN, na ibinibigay agad ibinibigay sa sandaling maisumite ang aplikasyon. Para sa higit pang impormasyon sa mga

TIN, tingnan ang "Mga Numero ng ID ng Nagbabayad ng Buwis (Taxpayer Identification Numbers, TIN)" sa website ng IRS.gov. Para sa karagdagang impormasyon sa Mga Numero ng ID ng Employer (Employer Identification Numbers) at para ma-access ang aplikasyon sa EIN online, tingnan ang "Mag-apply para sa Numero ng ID ng Employer (Employer Identification Number, EIN) Online" sa website ng IRS.gov.

Kailangang maghain ng papeles kung ang isang dayuhan na walang Inidibidwal na Numero ng Nagbabayad ng Buwis (Individual Taxpayer Identification Number, ITIN) ay nag-apply para sa EIN. Ayon sa IRS, ang pagtanggap ng EIN sa pamamagitan ng prosesong ito ay puwedeng tumagal ng anim hanggang walong linggo. Kung ikaw ay isang dayuhan na maaaring mangailangan ng EIN para sa kompanyang naghahain ng ulat, inirerekomenda namin na mag-apply nang maaga para sa ITIN. Ang mga dayuhang kompanyang naghahain ng ulat na hindi napapailalim sa buwis sa kita ng korporasyon sa Estados Unidos ay maaaring mag-ulat ng numero ng ID sa pagbubuwis ng dayuhan at pangalan ng nauugnay na hurisdiksyon sa halip na isang EIN o TIN.

[Inisyu noong Nobyembre 16, 2023]

### G.4. Kasama ba dapat sa paunang ulat ng BOI ang mga kasaysayan ng nakikinabang na may-ari ng isang kompanyang naghahain ng ulat, o ang mga nakikinabang na may-ari lamang sa oras ng paghahain?

Ang kasama lang dapat sa paunang ulat ng BOI ay mga nakikinabang na may-ari mula sa oras ng paghahain. Dapat abisuhan ng mga kompanyang naghahain ng ulat ang FinCEN kapag may mga pagbabago sa mga nakikinabang na may-ari at nauugnay na BOI sa pamamagitan ng mga na-update na ulat.

*Kabilang sa Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad ng FinCEN ang higit pang impormasyon tungkol sa kung kailan maghahain ng na-update o iniwastong ulat ng BOI sa Kabanata 6, "Paano kung may mga pagbabago o pagkakamali sa mga iniulat na impormasyon?"*

[Inisyu noong Nobyembre 16, 2023]


## H. Na-update na Ulat

### H.1. Ano ang gagawin ko kung ang dating iniulat na impormasyon ay nagbago?

Kung mayroong ***anumang pagbabago*** sa kinakailangang impormasyon hinggil sa iyong kompanya o sa mga nakikinabang na may-ari nito sa ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari na inihain ng iyong kompanya, dapat maghain ang iyong kompanya ng na-update na ulat nang hindi lalampas sa 30 araw pagkatapos ng petsa ng pagbabago.

Ang kompanyang naghahain ng ulat ay hindi kinakailangang maghain ng na-update na ulat para sa anumang pagbabago sa dating iniulat na impormasyon tungkol sa aplikante ng kompanya.

Ang sumusunod na infographic ay nagtatakda sa **mga timeline ng na-update na ulat.**




*Kabanata 6.1, Ang "Ano ang dapat kong gawin kung nabago ang dati kong iniulat na impormasyon?" ng [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad]() ng FinCEN ay nagbibigay ng karagdagang impormasyon..*

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

**H.2. Ano ang ilan sa posibleng mag-udyok para kailanganing i-update ang ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari?**

Ang mga sumusunod ay ilang halimbawa ng mga pagbabago na mangangailangan ng na-update na ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari:

- Anumang pagbabago sa impormasyong iniulat para sa kompanyang naghahain ng ulat, gaya ng pagpaparehistro ng bagong pangalan ng negosyo.
- Pagbabago sa mga nakikinabang na may-ari, tulad ng bagong CEO, o pagbebenta na nagbabago kung sino ang nakakatugon sa threshold ng interes sa pagmamay-ari na 25 porsiyento (tingnan ang Tanong D.4 para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga interes sa pagmamay-ari ).
- Anumang pagbabago sa pangalan, address, o natatanging numero ng pagkakakilanlan ng isang nakikinabang na may-ari na dating ibinigay sa FinCEN. Kung ang isang nakikinabang na may-ari ay nakakuha ng bagong lisensya sa pagmamaneho o iba pang dokumento ng pagkakakilanlan na may kasamang pinalitan na pangalan, address, o numero ng pagkakakilanlan, ang kompanyang naghahain ng ulat ay kailangan ding maghain sa FinCEN ng na-update na ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari, kabilang ang larawan ng bagong dokumento ng pagkakakilanlan.

*Ang [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad]() ng FinCEN ay nagbibigay ng karagdagang patnubay sa mga trigger na nangangailangan ng na-update na ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari (tingnan ang Kabanata 6.1 "Ano ang dapat kong gawin kung may nabago sa dati kong iniulat na impormasyon?").*


[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

## I. Iniwastong Ulat

### I.1. Ano ang dapat kong gawin kung nalaman ko ang pagkakamali sa isang ulat?

Kung hindi tumpak ang ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari, dapat itong iwasto ng iyong kompanya nang hindi lalampas sa 30 araw pagkatapos ng petsa na nalaman ng iyong kompanya ang

pagkakamali o may dahilan para malaman ito. Kabilang dito ang anumang pagkakamali sa kinakailangang impormasyong ibinigay tungkol sa iyong kompanya, mga nakikinabang na may-ari nito, o aplikante ng kompanya. Ang sumusunod na infographic ay nagtatakda sa **mga timeline ng iniwastong ulat.**




*Kabilang sa Kabanata 6.2, "Ano ang dapat kong gawin kung nalaman ko ang pagkakamali sa isang ulat?" ng Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad ng FinCEN ang karagdagang impormasyon hinggil sa pagwawasto ng mga maling ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari na inihain sa FinCEN.*

[Na-update noong Setyembre 29, 2023]

## J. Ulat ng Entidad na Bago lang Naging Exempted

### J.1. Ano ang gagawin ng kompanyang naghahain ng ulat kapag naging exempted ito pagkatapos maghain ng ulat?

Kapag naghain ng ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari ang kompanyang naghahain ng ulat ngunit naging exempted sa paghahain ng ulat, dapat maghain ang kompanya ng na-update na ulat na nagsasaad na hindi na ito kompanyang naghahain ng ulat. Kailangan lamang sa isang na-update na ulat ng BOI para sa entidad na bago lang naging exempted na: (1) tukuyin ng entidad ang sarili nito; at (2) lagyan ng tsek ang kahon na nagsasaad ng katayuan nito na bago lang naging exempted.

*Ang Kabanata 6.3, "Ano ang dapat gawin ng aking kompanya kung naging exempted ito pagkatapos maghain ng ulat?" ng Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad ng FinCEN ay may karagdagang impormasyon.*

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

## K. Pagsunod/Pagpapatupad

### K.1. Ano ang mangyayari kung ang isang kompanyang naghahain ng ulat ay hindi mag-ulat sa FinCEN ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari o nabigong i-update o iwasto ang impormasyon sa loob ng kinakailangang takdang panahon?

Nagsisikap ang FinCEN upang matiyak na alam ng mga kompanyang naghahain ng ulat ang kanilang mga obligasyong mag-ulat, mag-update, at magwasto ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari. Nauunawaan ng FinCEN na ito ay isang bagong kinakailangan. Kapag iniwasto mo ang pagkakamali o pagkukulang sa loob ng 90 araw ng deadline para sa orihinal na ulat, maaari mong maiwasan na magkamulta.

Gayunpaman, puwedeng maharap ka sa mga parusang sibil at parusang kriminal kapag binalewala mo ang iyong mga obligasyon sa pag-uulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari.

*Ang Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad ng FinCEN ay nagbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapatupad ng kinakailangan (tingnan ang Kabanata 1.3, "Ano ang mangyayari kapag hindi nag-ulat ang aking kompanya ng BOI sa kinakailangang takdang panahon?").*

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

## L. Mga Eksemsyon ng Kompanyang Naghahain ng Ulat

### L.1. Ano ang mga pamantayan para sa eksemsyon ng entidad na hindi binubuwisan mula sa kinakailangang pag-uulat ng impormasyon sa nakikinabang na may-ari??

Ang isang entidad ay kwalipikado para sa eksemsyon ng entidad na hindi binubuwisan kung nalalapat ang **alinman** sa mga sumusunod na apat na pamantayan:

| | |
|---|---|
| (1) | Ang entidad ay isang organisasyon na inilarawan sa seksyon 501(c) ng Internal Revenue Code of 1986 (Code) ((tinukoy nang hindi isinasaalang-alang ang seksyon 508(a) ng Code) at exempted sa pagbubuwis sa ilalim ng seksyon 501(a) ng Code. |
| (2) | Ang entidad ay isang organisasyon na inilarawan sa seksyon 501(c) ng Code, at exempted sa pagbubuwis sa ilalim ng seksyon 501(a) n Code, ngunit nawala ang katayuanna exempted sa pagbubuwis nang hindi lalampas sa 180 araw ang nakalilipas |
| (3) | Ang entidad ay isang politikal na organisasyon, gaya ng tinukoy sa seksyon 527(e)(1) ng Code, na exempted sa pagbubuwis sa ilalim ng seksyon 527(a) ng Code. |
| (4) | Ang entidad ay isang trust na inilarawan sa talata (1) o (2) ng seksyon 4947(a) ng Code. |

*Kabilang sa Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad ng FinCEN ang mga checklist para sa eksemsyong ito (tingnan ang eksemsyon #19) at para sa mga karagdagang eksemsyon sa mga kinakailangang pag-uulat (tingnan ang Kabanata 1.2, "Exempted ba ang aking kompanya sa mga kinakailangang pag-uulat?").*

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

**L.2. Ano ang mga pamantayan para sa eksemsyon ng hindi aktibong entidad mula sa kinakailangang pag-uulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari?**

Ang entidad ay kwalipikado para sa eksemsyon ng hindi aktibong entidad kung nalalapat ang **lahat ng anim** na sumusunod na pamantayan:

| | |
|---|---|
| (1) | Umiiral na ang entidad noong Enero 1, 2020 o bago pa man ang petsang ito. |
| (2) | Walang aktibong negosyo ang entidad. |
| (3) | Hindi pag-aari ng isang dayuhan ang entidad, direkta man o hindi direkta, ganap man o bahagya lang. Ang "dayuhan" ay nangangahulugan na isang taong hindi taga-Estados Unidos. Ang taong taga-Estados Unidos ay tinukoy sa seksyon 7701(a)(30) ng Internal Revenue Code ng 1986 bilang isang mamamayan o residente ng Estados Unidos, lokal na partnership at korporasyon, at iba pang estado (estates) at trust. |
| (4) | Ang entitdad ay hindi nakaranas ng anumang pagbabago sa pagmamay-ari sa naunang labindalawang buwan. |
| (5) | Hindi nakapagpadala o nakatanggap ang entidad ng anumang pondong nagkakahalaga ng higit sa $1,000, direkta man o sa pamamagitan ng anumang pinansyal na account kung saan ang entidad o anumang nauugnay sa entidad ay nagkaroon ng interes, sa naunang labindalawang buwan. |
| (6) | Ang entidad ay hindi humahawak ng anumang klase o uri ng asset, sa Estados Unidos man o sa ibang bansa, kabilang ang anumang interes sa pagmamay-ari sa anumang korporasyon, kompanyang may limitadong pananagutan, o iba pang katulad na entidad. |

*Kabilang sa Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad ng FinCEN ang mga checklist para sa eksemsyong ito (tingnan ang eksemsyon #23) at para sa mga karagdagang eksemsyon sa mga kinakailangang pag-uulat (tingnan ang Kabanata 1.2, "Exempted ba ang aking kompanya sa mga kinakailangang pag-uulat?")..*

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

**L.3. Ano ang mga pamantayan para sa eksemsyon ng subsidiary mula sa kinakailangang pag-uulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari?**

Ang mga subsidiary ng ilang uri ng entidad na exempted sa mga kinakailangang pag-uulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari ay maaari ring maging exempted sa kinakailangang pag-uulat.

Kwalipikado ang isang entidad para sa eksemsyon ng subsidiary kung naaangkop ang sumusunod:

Ang mga interes sa pagmamay-ari ng entidad ay kontrolado o ganap na pag-aari, direkta man o hindi direkta, ng **alinman** sa mga ganitong uri ng mga exempted na entidad:

- Securities reporting issuer;
- Awtoridad sa pamahalaan;
- Bangko;
- Credit union;
- Holding company na institusyon para sa deposito;
- Broker o dealer sa mga security;
- Securities exchange o clearing agency;
- Iba pang nakarehistrong entidad ng Exchange Act;
- Kompanya ng investment o tagapayo para sa investment;
- Venture capital fund adviser;
- Kompanya ng insurance;
- Insurance producer na lisensyado ng estado;
- Nakarehistrong entidad ng Commodity Exchange Act;
- Accounting firm;
- Pampublikong utility;
- Financial market utility;
- Entidad na hindi binubuwisan; o
- Malaking operating company.

*Kabilang sa Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad ng FinCEN ang mga kahulugan ng mga exempted na entidad na nakalista sa itaas at ang checklist para sa eksemsyong ito (tingnan ang eksemsyon #22). Kabilang din sa Gabay ng FinCEN ang mga checklist para sa mga karagdagang eksemsyon sa mga kinakailangang pag-uulat (tingnan ang Kabanata 1.2, "Exempted ba ang aking kompanya sa mga kinakailangang pag-uulat?")..*

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

**L.4. Kung nagmamay-ari ako ng grupo ng nauugnay na kompanya, puwede ko bang pagsama-samahin ang mga empleyado sa lahat ng kompanya upang matugunan ang mga pamantayan ng eksemsyon ng malaking operating company mula sa kahulugan ng kompanyang naghahain ng ulat?**

Hindi. Kinakailangan sa eksemsyon ng malaking operating company na ang entidad mismo ay may higit sa 20 full-time na empleyado sa Estados Unidos at hindi pinahihintulutan ang pagsama-sama ng bilang ng empleyado nito sa maraming entidad.

*Kabilang sa [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad] ing FinCEN ang checklist para sa eksemsyong ito (tingnan ang eksemsyon #21)..*

[Inisyu noong Nobyembre 16, 2023]

### L.5. Paano nag-uulat ang kompanya sa FinCEN na ang kompanya ay exempted?

Hindi kailangang mag-ulat sa FinCEN ng isang kompanya na ito ay exempted sa mga kinakailangang pag-uulat ng BOI kung palagi itong exempted.

Kung naghain ng ulat ng BOI ang isang kompanya at naging kwalipikado kalaunan para sa isang eksemsyon, dapat maghain ang kompanyang iyon ng na-update na ulat ng BOI upang isaad na ito ay bago lang naging exempted sa mga kinakailangang pag-uulat. Ang mga na-update na ulat ng BOI ay inihain sa elektronikong paraan sa pamamagitan ng ligtas na filing system. Sa isang na-update na ulat ng BOI para sa entidad na bago lang naging exempted, kailangan lamang na ang entidad ay: (1) tukuyin ang sarili nito; at (2) lagyan ng tsek ang kahon na nagsasaad ng katayuan nito na bago lang naging exempted.

[Inisyu noong Nobyembre 16, 2023]

## M. FinCEN Identifier

### M.1. Ano ang FinCEN identifier?

Ang "FinCEN identifier" ay isang natatanging numero ng pagkakakilanlan na ibibigay ng FinCEN sa isang indibidwal o kompanyang naghahain ng ulat kapag hiniling pagkatapos magbigay sa FinCEN ang indibidwal o kompanyang naghahain ng ulat ng partikular na impormasyon. Ang indibidwal o kompanyang naghahain ng ulat ay maaari lamang tumanggap ng isang FinCEN identifier.

*Kabilang sa [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad] ng FinCEN ang mga karagdagang impormasyon sa mga FinCEN identifier sa Kabanata 4.3, "Ano ang FinCEN identifier at paano ko ito magagamit?"*

[Inisyu noong Setyembre 29, 2023]

### M.2. Paano ko magagamit ang FinCEN identifier?

Kapag nakakuha ng FinCEN identifier ang indibidwal na nakikinabang na may-ari o aplikante ng kompanya, ang mga kompanyang naghahain ng ulat ay maaaring mag-ulat ng FinCEN identifier ng indibidwal na iyon sa lugar na kung saan kinakailangan ang personal na impormasyon ng indibidwal sa pag-uulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari.

Ang paggamit ng mga FinCEN identifier na nakuha ng mga kompanyang naghahain ng ulat ay ang paksa ng kasalukuyang paggawa ng mga alituntunin. Inaasahan ng FinCEN ang pagbibigay ng karagdagang patnubay kapag natapos na ang paggawa ng mga alituntunin.

[Inisyu noong Setyembre 29, 2023]

### M.3. Paano ba humiling ng FinCEN identifier?

Maaaring humiling ang mga indibidwal ng FinCEN identifier sa o pagkatapos ng Enero 1, 2024, sa pamamagitan ng pagkumpleto sa elektronikong form sa website. Kakailanganing ibigay ng mga indibidwal ang kanilang buong legal na pangalan, petsa ng kapanganakan, address, natatanging numero ng pagkakakilanlan at ang nag-isyung hurisdiksyon mula sa tinatanggap

na dokumento ng pagkakakilanlan, at larawan ng dokumento ng pagkakakilanlan. Pagkatapos magsumite ang indibidwal ng impormasyong ito, makakatanggap agad ang indibidwal ng FinCEN identifier na para lamang sa indibidwal na iyon.

Ang mga kompanyang naghahain ng ulat ay maaaring humiling ng FinCEN identifier sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek sa kahon na nasa ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari kapag nagsumite sila ng ulat. Pagkatapos magsumite ng ulat ng kompanyang naghahain ng ulat, makakatanggap agad ang kompanyang naghahain ng ulat ngFinCEN identifier na para lamang sa kompanyang iyon. Kung nais ng isang kompanyang naghahain ng ulat na humiling ng FinCEN identifier pagkatapos magsumite ng paunang ulat ng nakikinabang na may-ari nito, maaari itong magsumite ng na-update na ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari na humihiling ng FinCEN identifier, kahit na hindi na kailangang i-update ng kompanya ang impormasyon nito.

[Inisyu noong Setyembre 29, 2023]

### M.4. Kailangan ba ang mga FinCEN identifier?

Hindi. Ang indibidwal o kompanyang naghahain ng ulat ay hindi kailangang magkaroon ng FinCEN identifier.

[Inisyu noong Setyembre 29, 2023]

### M.5. Kailangan ko bang i-update o iwasto ang impormasyon na aking isinumite para makakuha ng FinCEN identifier?

Oo. Dapat i-update o iwasto ng mga indibidwal ang impormasyon sa pamamagitan ng aplikasyon para sa FinCEN identifier na ginagamit din para humiling ng FinCEN identifier.

- Dapat iulat ng mga indibidwal ang anumang pagbabago sa impormasyong isinumite nila upang makakuha ng FinCEN identifier nang hindi lalampas sa 30 araw pagkatapos ng petsa kung kailan naganap ang pagbabago.
- Kung mayroong anumang pagkakamali sa impormasyong ito, dapat iwasto ng indibidwal ang impormasyon nang hindi lalampas sa 30 araw pagkatapos ng petsa na nalaman ng indibidwal ang pagkakamali o may dahilan para malaman ito.

Ang mga kompanyang naghahain ng ulat na may FinCEN identifier ay dapat i-update o iwasto ang impormasyon ng kompanya sa pamamagitan ng paghahain ng na-update o iniwastong ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari, kung naaangkop.

[Inisyu noong Setyembre 29, 2023]

### M.6. Mayroon bang anumang paraan para i-deactivate ang hindi na ginagamit na FinCEN identifier ng indibidwal upang hindi na kailangang i-update ng indibidwal ang impormasyong nauugnay dito

Aktibong sinusuri ng FinCEN ang mga opsyon para pahintulutan ang mga indibidwal na i-deactivate ang FinCEN identifier upang hindi na nila kailangang patuloy na i-update ang pinagbabatayan ng personal na impormasyon. Magbibigay ang FinCEN ng karagdagang patnubay sa functionality na ito kapag nakumpleto na ang prosesong iyon.

[Inisyu noong Setyembre 29, 2023]

## N. Mga Third-Party na Tagapagbigay ng Serbisyo

### N.1. Puwede bang tulungan ng isang third-party na tagapagbigay ng serbisyo ang mga kompanyang naghahain ng ulat sa pamamagitan ng pagsusumite ng kinakailangang impormasyon sa FinCEN para sa kanila?

Oo. Ang mga kompanyang naghahain ng ulat ay maaaring gumamit ng mga third-party na tagapagbigay ng serbisyo para magsumite ng mga ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari. Magagawa na ng mga third-party na tagapagbigay ng serbisyo ang pagsusumite ng mga ulat sa pamamagitan ng E-Filing system at/o Application Programming Interface (API) ng FinCEN. Ang mga teknikal na detalye para sa API ay magiging available sa ibang araw.

[Inisyu noong Setyembre 29, 2023]